Prologue
SHE KNEW

Nawalan ng direksyon ang buhay ko mula nang mawala ang nanay ko. Isang taon pa lang ang nakakalipas mula nang iwan niya ako, pero umikot ng 360 degrees ang buhay ko. I had to leave home—my stepbrothers and stepdad—kahit na hindi naman ako pinaalis ay umalis ako. I started to live my life alone. Gabi-gabi kong nilulunod ang sarili ko sa alak para maging manhid. Gabi-gabi kong iniiyakan ang pagkamatay ni Olivia Maria Azul.

I lost everything who mattered to me. Walang kwenta ang buhay kapag wala si Mom. Walang direksyon, walang patutunguhan. Gusto ko lang na makawala na sa masakit na alaala na dala ng kanyang pagkawala, pero paano?

Isa ang mga gabing iyon sa kinamumuhian ko. I spent my hours drinking inside a certain bar. Napakalungkot ng buhay. I wanted my mom with me. Habang nakalugmok doon ay naramdaman ko ang isang malakas na suntok sa aking balikat. Nang lumingon ako ay nakita ko ang isang lalaking nakaitim na nakikipagtitigan sa akin.

"Hindi ka ba aalis diyan?!" sigaw niya sa akin. "Kanina pa ako dito. Pwesto ko 'yan!" Tinulak niya ako na naging dahilan ng pagkalaglag ko sa upuan. Napatingin ako sa kanya. Nakangisi siya sa akin. Tiningnan niya ako mula ulo hanggang paa 'tapos ay tinadyakan niya ako. Tumayo ako at tinulak siya. Doon nagsimula ang away. Iisa ako, madami sila, pero hindi ako magpapatalo.

Pero, natalo ako. Iniwan ako ng mga lalaking iyon sa loob ng bar nang nag-iisa at duguan. Hindi ako makagalaw. Hindi ko alam kung hanggang kailan ako hihiga doon. I could feel my body throbbing in pain and misery. Gusto kong makausap si Mom. Gusto ko lang na nandito siya.

I could remember her voice and the way she looked at me. Ngayon ay ayos lang sa akin kahit na ikompara niya ako sa ama ko. Basta makasama ko lang siya ulit. My life felt empty without her. Tumayo ako, paika-ika ang lakad. Dinala ko na lang ang sarili ko sa emergency room sa ospital. Hindi ko na sinubukang tawagan ang kahit na sino. Hindi ko na tinawagan si Arruba. Wala na kami. I broke up with her because she'd be far better off without me. Hindi ako ang kailangan niya ngayon o kahit kailan. Ang bagay kay Arruba ay ang lalaking ilalagay siya sa pedestal at hindi ako na walang ginawa kundi ang sirain ang buhay ko.

Nagising na lang ako kinabukasan sa loob ng isang private room, may benda ang kanang kamay ko. I looked around but no one was there for me. Wala ang mommy, wala si Uncle Fred. Saglit naman akong natigilan nang bumukas ang pinto. Hinihintay ko kung sino ang darating...

"Kumusta?"

I smirked. Nurse lang pala. At ang pinakamasakit sa lahat maliban sa sugat ko ay ang katotohanan na iyong nurse ay walang iba kundi si Apollo Consunji. She smiled at me.

"Walang dumadalaw sa 'yo. Wala ka bang kaibigan?"

Nilapitan niya ako. Ayoko siya dito, ipinaalala niya sa akin ang mga bagay na nawala sa akin. Bakit niya ako

nilalapitan? Nakangiting naupo siya sa gilid ng kama. She was looking at me and somehow, I saw recognition on her face. Siguro ay nakilala niya ako bilang ang lalaking nakita nya sa bahay nila noong nakaraang taon. Hindi ako kumikibo. Kumikirot ang buong katawan ko, lalo na ang bandang gilid ng tadyang ko.

"Ang sabi ng doctor, tatlong buwan bago tanggalin ang cast sa binti mo kaya hindi ka muna makakalakad, hijo. Dito ka muna sa ospital para sa mangyayaring therapy. I take it you didn't want anyone to know about your condition. Hindi ko rin naman tinawagan ang pamilya mo."

Hindi pa rin ako nagsasalita. Nakatitig lang ako kay Apollo Consunji na para bang hindi ako makapaniwala. Ang daming tanong sa isipan ko habang nakaupo ako doon. Madami pa siyang sinasabi tungkol sa injury ko, pero hindi ako nakikinig. I was just staring at her. She smiled and I suddenly felt a ray of sunshine inside my heart.

"Bakit mo ito ginagawa? Alam kong natatandaan mo ako."

She took a deep breath. "Nurse ako, hijo, kasama iyon sa trabaho ko." Muli na naman siyang huminga nang napakalalim. "Mas matanda ka pala ng tatlong taon kaysa sa panganay ko..." mahinang bulong niya.

Hindi ko masyadong naintindihan ang mga pangyayari. Matapos ang pag-uusap na iyon ay umalis na siya.

Ang buong akala ko ay iyon na ang huling beses na kakausapin niya ako at lalapitan, pero nagulat ako nang sa buong tatlong buwan na namamalagi ako sa ospital ay naroon siya. Inaalagaan ako.

"Malapit ka nang matapos sa therapy mo. Nami-miss mo ba ang mga kaibigan mo?"

Hindi ko siya madalas kausapin. Sa isipan ko ay inagaw niya ang lahat ng pagkakataon ko at ni Mom para maging masaya at magkaroon ng tunay na pamilya. Hindi ko alam kung alam niya ang totoo. Hindi naman namin napag-uusapan. Nang araw na iyon ay tanong siya nang tanong. Nabigla ako nang ilabas niya ang iPhone *niya at nagsimulang ipakita sa akin ang larawan ng kanyang mga anak.*

"These are my kids. Hera, Hermes, and Ares." Nakangiti siya habang titig na titig sa larawan. I was just looking at the pictures. Kasama nila si Lukas sa larawan. Tinabig ko ang phone niya. Nabigla siya sa ginawa ko.

"Why are you doing this? Alam mo ba kung ano ako? Kung sino ako?" nangigigil na tanong ko.

She smiled knowingly. A tear rolled down her cheek.

"You are the spitting image of your father. Ang gunggong na iyon, malakas masyado ang dugo. Lahat kayo, kamukha niya—mula kilay hanggang sa simangot."

My mouth fell open...

So, she knew...

CHALLENGE #01

Simoun

"P're, hindi pa ba tayo aalis?"

Tiningnan ko lang si Axel John. Hindi ako kumibo. Nanatili akong nakatayo sa gilid ng punong iyon habang nakatitig sa nangyayaring libing sa harapan ko. I had been to my mother's funeral. Hindi ko alam kung alin ang mas nakakalungkot.

I was wearing a pair of dark shades. Direkta akong nakatingin sa mga nangyayari. My heart was throbbing in pain and I couldn't explain it. Wala akong karapatang magpunta sa lugar na ito pero heto ako at naghihintay na umalis ang lahat para makalapit ako sa babaeng itinuring kong kaibigan sa loob ng mga panahong nag-iisa ako.

It was actually very unexpected. Hindi ko inasahan na darating kami sa punto na pati ako ay magiging mabait sa kanya. Hindi ko nga lang masyadong ipinapakita sa kanya na gusto ko siya. My mom was right, Lukas Consunji did marry a wonderful woman and I hated the fact that I couldn't hate her even if I wanted to. But most of all, I hated the fact that I won't be able to taste her sinigang sa miso again or to talk and laugh with her.

Apollo Consunji was a very kind-hearted person. Iyong dapat na kinamumuhian niya ako, pero mas pinipili niya akong kilalanin at pakitaan ng kabutihan ay isang patunay na napakabuti ng kanyang puso.

Nagtagal pa ang mga tao sa libing na iyon. I was just waiting. I needed to be near her grave and pay my last respects. Inilagaan niya ako noon. Naging magkaibigan kami, hindi ko man madalas ipakita sa kanya, pero minahal ko si Apollo Consunji.

Makalipas ang ilang sandali, isa-isa nang nag-alisan ang mga tao sa paligid niya. Siniguro ko munang walang tao sa paligid bago ko nilapitan ang puntod ni Apollo. Axel John was behind me and he was whistling the song *Unchained Melody*. Hindi ko na siya nilingon. Nagdiretso ako sa puntod niya. The smell of cement was still fresh. Huminga ako nang malalim at saka lumingon kay Axel. Inilahad ko ang kamay ko sa harapan niya. Hinihingi ko ang bulaklak na dala ko kanina. I smirked at him and looked at Apollo's grave again.

I knelt in front of the grave. Hinaplos ko ang harapan ng puntod niya. Napapailing ako habang nakatingin sa portrait niya na nakalagay sa ibabaw ng puntod.

"Hey… it's me," sabi ko na para bang naririnig niya ako. I would sure miss the little things she did for me. Lukas' wife was a charming lady. Naalala ko sa tuwing tatawagan niya ako ay sasabihin ko ang nga katagang binitiwan ko ngayon. Inilapag ko sa tabi ng larawan niya ang bulaklak na dala ko 'tapos ay naupo lang ako doon.

"I'm gonna miss your warmth, Sunshine Lady," mahinang bulong ko. Alam kong tulad na lamang si Apollo ngayon ni Mom—kahit na ano'ng tawag ko sa kanya ay hindi naman siya sasagot. I really feel sad about her leaving this world.

"Azul, it's time." Narinig ko si Axel. Muli kong hinaplos ang puntod ni Apollo bago ako tumalikod. I silently asked her to hug

my mom for me. Magkasama na sila ngayon. Dalawa na silang guardian angels ko.

Sumakay ako sa sasakyan ni Axel. Tahimik lang ako hanggang sa dumating kami sa bahay ni King David. He was having a party and that it's exactly what I needed right now—distraction.

Nang dumating kami doon ay puno na ng tao ang lugar. Kumuha ako ang ng isang bote ng beer at umalis na doon. Alam kong kailangan kong libangin ang sarili ko dahil ayokong maisip si Apollo, pero doon pa rin ako bumagsak.

Lumabas ako ng garden at dumiretso sa pool. Doon nakita ko si Arruba na nakaupo sa gilid ng pool habang may hawak na glass of wine. Nasa mismong tubig ang mga paa niya. I joined her.

"You're late," nakangiting sabi niya sa akin pagkaupo ko sa tabi niya.

Napangiti lang ako. Arru was wearing a green tube dress. Bagay na bagay sa kanya ang kulay na iyon. I stayed quiet for a while because I was admiring her beauty.

"Saan ka galing?"

Hindi ako kumibo. Bahagya pa akong nagulat nang hawakan niya ang kamay ko.

"At a funeral."

"I see." Natahimik kami pareho. Binalingan niya akong muli pagkatapos ay nagsalita siya.

"I thought you hated her..."

"I hated the fact that my mom set aside her happiness for her. I hated her husband and I hated her for trying to tell Lukas about me. But you see, Arru? I like her and I hate her at the same time. I hate the fact that I won't get to talk to her anymore." Naikuyom ko

ang palad ko. Hindi ko maintindihan kung paano, pero may kung ano talaga kay Apollo na napamahal sa akin. Hindi ko siya tinuring na ina kundi bilang isang matalik na kaibigan.

Naaalala ko ang mga panahon na dadalawin niya ako o pupuntahan ko siya. We would dance and goof around. She would tell me about him and her kids and it broke my heart to hear about Lukas Consunji and how much he loved all his children. Then Apollo would say that Lukas would love me, too. Pero hindi na ako kikibo. Ayokong pag-usapan si Lukas Consunji. Mas may pakialam ako sa kanya kaysa sa asawa niya. She told me that if she knew my mom, she would have been friends with her. Iyon din ang tingin ko, magkakasundo sila. They would probably joke about loving the same man. Tatawa siya 'tapos ay pipisilin niya ang kamay ko.

Arru held my hand.

"Mahal mo siya, Azul. Just like how you love mom..." makahulugang aniya. I just shook my head. Arruba just held my hand. Sumandal siya sa balikat ko. We stayed like that for a long while, nakita ko na lang na nakapikit na siya kaya binuhat ko at ipinasok sa silid ni King David. Matapos iyon ay hinagkan ko siya sa labi at saka ako umalis.

I went to prison to visit the driver who killed Apollo. Nagpanggap ako bilang isa sa mga jail guards at nakihalubilo sa iba. Nagmasid muna ako pagkatapos noon ay saka ko hinanap ang lalaki. I found him playing cards with the other inmates. Tinawag ko siya at dinala sa bartolina. Pumasok kami pareho doon. I lit the flashlight.

"Boss, ano'ng at—"

Hindi ko na tinapos ang sinasabi niya. Inilabas ko ang .45 at

ipinutok iyon sa kanya. Dalawa sa ulo, isa sa puso.

I killed the man who killed Apollo Consunji and it felt so damn good....

Leira

Three years later...

Nakatingin ako sa basketball game na nagaganap sa harapan ko. Mainit na mainit ang paligid sa loob ng covered court na iyon. Namumutaktak ang pawis ko, halo-halo na ang amoy na kahit iwasan ko ay sumusunod sa akin, para batukan ako at sabihin na, "'oy, mabaho ako!"

Napapikit pa ako habang nakatayo sa gitna ng napakaraming tao. Kung hindi lang dahil sa kapatid ko ay hindi ako manonood ng liga sa lugar namin. Mahal na mahal kasi ni Jay-R ang bola, kaya siguro pati siya ay utak-bola na rin. Bumabagsak siya sa eskwela dahil sa kakalaro ng basketball at hindi ko iyon gusto pero wala akong magagawa kundi suportahan ang bunso kong kapatid.

Napamulat ako nang tumawag ng time out ang grupo ng kapatid ko. Agad akong tumakbo papunta sa kanya para magpaalam. Kailangan ko na kasing umalis kung hindi ay masisira ang schedule ko para sa araw na ito. Nang makalapit ako sa kanya ay kaagad ko siyang tinawag para sabihin na aalis ako. Nakita ko ang pagkadismaya sa kanyang mukha pero kahit iyon ay hindi naman sapat para hindi ako umalis. I need to follow my schedule. I need to be organized.

"Ate Leira naman, minsan lang naman itong game!"

Sinimangutan ko siya at saka tumalikod. Kailangan ko nang

pumasok sa trabaho. Masyado nang nasira ang schedule ko dahil sa game na ito.

I liked things around me to be neat and clean. Gusto ko lahat ay nasa lugar; lahat ng makakapareho ay magkasama; lahat ay maayos. Ayoko ng magulo, nalilito ako. I believed that if I followed a schedule, everything will fall into place and I was right.

Noong high school ako, napakagulo ng buhay ko na halos dumating sa punto na muntik na akong hindi makatapos ng pag-aaral pero dahil may pangarap ako, sinimulan kong ayusin ang dapat kong ayusin.

I was sixteen when I started making my schedule. Araw-araw iyon ang sinusunod kong plano. Mula noong first day of work ko hanggang ngayon ay ganito na ang schedule ko...

6:00 - 7:00 Wake up, take a bath, dress up

7:00 - 7:20 Breakfast

7:20 - 8:00 Commute

8:00 - 10:30 Start work (talk to officemates, say hi to Ate Lerma of Depot and my boss, chika with the receptionists, do paperworks, make client calls, etc.)

10:30 - 11:00 Hotel inspection

11:00 - 12:00 Lunch, retouch makeup, power nap.

12:00 - 4:00 Do more paperworks

4:00 - 4:20 Go home

4:20 - 5:00 Take short nap

5:00 - 8:00 Do house chores, dinner and bonding time with family

8:00 - 6:00 Sleep

Ganoon lamang ang laman ng schedule ko. There's no room for

any surprise events. Gusto ko ganyan lang ang buhay ko at kapag hindi nasusunod ang schedule ko, naloloka talaga ako. Hindi ko kasi alam kung ano ang gagawin ko kapag nasira ang pinakiingatan kong mga plano. Hindi naman habambuhay ay naka-schedule nang ganyan ang buhay ko, sa oras na mag-asawa ako, gagawa ako ng bagong schedule na kasama na ang pakikipag-interact ko sa asawa ko.

Napabuntong-hininga ako. Hindi ko alam kung bakit kapag sinasabi ko sa tao at ipinapakita ko ang mga schedule ko ay pinagtatawanan nila ako. Hindi naman masama ang ginagawa ko. I just wanted an organized life and I had that because of my schedule.

Nakarating ako sa hotel na pinagtatrabahuhan ko. I was still on schedule. I greeted the guard. Halos lahat naman ay binabati ko. May nakasalubong akong isang lalaki na ang kamay ay nasa loob ng coat niya. Binati ko siya ng good morning at noong palampas na ako sa kanya ay bigla niya akong hinatak at saka ipinalupot ang braso niya sa leeg ko.

"Get me the President or I will kill his innocent woman!"

Namutla ako. Kinabahan at kasabay noon ay nakadama ako ng pagkainis.

Dying is so not included in my schedule today!

CHALLENGE #02

Simoun

"Good morning, Arru. You look lovely."

Lumingon ako nang marinig kong tawagin ni Ido si Arruba. Wala pa man nagsasabi ay alam kong malapit lang siya. I smiled to myself when I saw how lovely she looked in that lacey green dress she was wearing.

Birthday ni Judas. Friday the 13th. March. Twenty-nine na si Judas. Matanda na siya, pero hanggang ngayon magkasama sila ni Arruba sa iisang bahay. Judas was Arruba's life. I admired the girl for loving her brother too much. Minsan ay sinabi niya sa akin na hindi niya alam ang gagawin niya kapag nawala si Judas sa buhay niya. That's one of the reasons why I'd protect my friends. I just didn't want Arruba to be sad.

"Nandito na ang muse. Pwede na tayong mag-start. Hi, lovely." King David pulled Arruba to kiss her cheeks. I had to look away. I didn't want to see that. Pumasok kami sa function hall. Ngayong araw na ito ay kumpleto kami. Nandito si Ido—siya lang naman ang palaging wala. Nandito din sina Axel at King David. He was the one who sat beside Arruba and Judas. I sat beside Ido. Nakatingin lang siya sa akin na para bang niloloko niya ako at alam ko ang ibig sabihin noon.

"It's over, dude, so just shut up."

"No! Of course not! I was rooting for the two of you!"

"Well, you're in for a disappointment because I want her to end up with KD." Pinanlakihan ko siya ng mga mata. Natawa naman siya sa akin. Noong nakaraan ay kausap ko si Ido. He had a mission in Iceland where he killed the pirate's mayor. Hindi naman mahirap iyon sa kanya. Tinanong ko siya kung kailan niya titigilan ang trabaho niyang iyon. Hindi siya sumagot. Hindi daw siya titigil hangga't hindi niya nahahanap ang pumatay kay Roma at papatayin niya rin ang taong iyon sa pamamagitan ng mga kamay niya. *It's just a petty thing to do, killing for someone you love...*

I forgot that I did that, too, three years ago. I killed a man—not my first time—it's just my first time to kill a man for the sake of love. Pilit ko nang kinalimutan iyon. Tapos na iyon at hindi ko na babalikan pa.

"I'm so glad all of you are here today. Parang ako ang may birthday," natatawang simula ni Arruba. Napatingin ako kay David nang maglabas siya ng isang long-stemmed white rose. Of course, Arruba loved white roses. Violet tulips naman ang madalas kong ibigay sa kanya noon. It meant something special to us. Pero matagal nang tapos ang lahat sa amin.

"Thank you, David. You're so sweet!"

"Nililigawan mo ba ang ate ko?" biglang tanong ni Judas. Ito ang matagal na naming hinihintay. Ido proposed for a toast. Axel John sniffed.

"Putangina, say yes, dude!" sigaw pa ni Axel! "Nang maibigay mo na kay Arruba ang virginity mo! Gago!"

"Gago! Hindi na ako virgin mula pa noong twelve ako!"

"Gago ka din! Katorse ka nagpatuli! Si Arru nga ang sumama sa 'yo!" Napabunghalit kami ng tawa. Si Axel John ay pumapalakpak pa. Noon ko naman napansin si Arruba na nakatitig sa akin. I smiled at her.

We were always like that. Iyong tipong may silent joke na nagaganap sa harapan naming dalawa. She could still read my mind and I could still read hers.

Nagsimula ang early birthday lunch ni Judas nang inaasar pa rin nila si King David. Pikon naman kasi si King David at si Arruba ang taga-awat nilang tatlo. Matapos kumain ay kinantahan nila ng happy birthday si Judas. What they did to the birthday cake was hilarious. Ibinato nila iyon kay Judas kaya nagkaroon ng cake fight ang tatlo. Agad naman na niyakap ni King David si Arru to protect her. I had to leave the hall. I got out to smoke. Kung nakikita lang ako ni Apollo ngayon, pagtatawanan niya ako. She would tell me how coward I was for letting Arruba go. Apollo was a very opinionated lady. Sa palagay ko, ang ugaling iyon ay sa kanya namana ng babaeng reyna ang tingin sa sarili.

After finishing two sticks, naisip kong bumalik na sa function hall. Habang naglalakad ay may narinig akong kung anong ingay sa lobby. Na-curious ako kaya pinuntahan ko ang lugar na iyon. Kumunot ang noo ko nang makita ko ang mga guards ng hotel na nakaluhod habang nasa harapan nila ang kanilang mga baril. I saw a man in the middle of the lobby holding a woman as his hostage while shouting something. I walked silently. The woman, on the other hand, was wearing the hotel's uniform. She looked scared. Hilam na ng luha ang kanyang mga mata.

"Dalhin ninyo dito ang Kapuso, Kapamilya, Kapatid at lahat ng TV stations dahil kailangan kong makausap ang presidente ng Pilipinas!"

"Kuya, 'wag kang epal! Gusto mo lang palang maging artista! Sana nag-audition ka na lang sa *Starstruck*!" gigil na sigaw noong babae.

Dahan-dahan akong lumapit sa kanila. Napansin ako ng guard. I signaled for him to keep quiet. I picked up his gun and pointed it to the man's back. Binaril ko siya sa binti—dalawang beses at isa sa braso para makakawala ang babae.

The woman screamed so hard that I couldn't actually feel my ears. Nakatayo lang siya doon habang ang lalaki ay nakahiga na sa sahig ng hotel, duguan. Tumayo ang mga guards. Hindi naman nagtagal ay nakita kong parating na si Judas at ang iba pa. Tiningnan ko si Axel John.

"CCTV, dude," sabi ko.

"I'm on it!" Agad siyang tumakbo. Lumingon sa amin ang babae. She blinked three times before looking at the gun in my hand.

"You killed him! Mamamatay-tao ka!" sigaw niya.

Kumunot ang noo ko. "Kung hindi ko siya pinatay, ikaw ang patay ngayon," mariing sagot ko.

"Murderer!" sigaw niya. Nakita kong bumukas ang glass door ng hotel at namataan ko na ang mga pulis. Hindi na ako nag-atubili. Nakita kong inabutan ng pera ni King David ang mga guards at hotel staff 'tapos ay nagtakbuhan na sila. Iniwanan ko ng tingin ang babae at nginisihan ko siya.

"Kapag hinanap ako ng mga pulis dahil kumanta ka, mabubura ang apelyido ng pamilya mo sa Pilipinas, Miss..." Tiningnan ko ang name plate niya. "Leira Sarmiento."

Umalis na rin ako. Tinangay ko ang baril. Dumaan kami sa fire exit ng hotel. Arruba was with King David and I heard her ask him what happened and if I was okay. Napangiti ako. Tama nang malaman ko na nag-aalala pa rin siya sa akin kahit na magkaiba na kami ng choices sa buhay.

I went to the parking lot with Ido and Axel. Judas was with David and Arruba. Agad kaming umalis ng hotel na iyon. Nang lumingon ako sa labas ay nakita kong isa-isa nang nagdaratingan ang mga pulis. Napangisi ako.

"Tinuluyan mo ba iyong lalaki, Azul?" Ido asked me.

"Nope. I just shot his legs. I saved the woman's life and yet she thought that I killed the hostage-taker. Bullshit." Nagkatawanan kami. Matapos ang insidenteng iyon ay bumalik na kami sa kanya-kanya naming routine.

Leira

Tiningnan ko ang relo na nakapatong sa nightstand. Nanlaki ang mga mata ko nang makita kong alas ocho y medya na nang gabi, pero hanggang ngayon gising na gising pa rin ang utak ko. Hindi ako makatulog at dahil hindi ako makatulog ay sira na ang pinakaiingatan kong schedule! Hindi maaari ito! Bumalikwas ako ng bangon at binuksan ang ilaw. Hindi pwedeng hindi ako makatulog ngayon. Kailangan kong matulog dahil kung hindi, tatanghaliin ako ng gising 'tapos ay hindi na masusunod ang

schedule ng buhay ko.

Tumayo ako sa gitna ng silid ko. Paano nga ba ako makakatulog? Alam ko na! Mag-e-excercise ako para mapagod ako at makatulog ako, pero matapos ang dalawampung pagtalon ay nakadama ako ng pagod at naupo na lang ako sa kama.

Hindi pa rin ako makatulog. Gising na gising ang lahat ng ugat ko sa katawan at dahil iyon sa nangyaring hostage-taking kanina sa hotel na pinagtatrabahuhan ko. Hindi ko maipaliwanag kung ano'ng nararamdaman ko. Kung takot ba ito o kaba. Pero bakit naman ako matatakot at kakabahan? Wala naman akong ginawang masama. Sila pa nga ang gumawa sa akin ng masama. They took me as hostage and it scared the living daylights out of me. Ang akala ko mamamatay na ako. Hindi pa naman nakalagay sa schedule ko ang pagkamatay ko sa araw na iyon.

Speaking of my schedule… naisip kong baguhin iyon. Naisip ko na maglagay ng oras para sa mga surprise events na tulad ng nangyari sa akin kanina. Pero ilang minuto naman ang surprise event sa buhay ko? Pwede bang twenty minutes lang iyon?

Ipinikit ko ang mga mata ko at para akong natamaan ng kidlat nang makita ko ang mukha ng lalaking nagsabi sa akin na buburahin niya ang pangalan ng buong pamilya ko sa buong Pilipinas sa oras na malaman ng mga pulis ang ginawa niya sa lalaking epal na nang-hostage sa akin. Hindi ko na sinabi sa pamilya ko ang nangyari, pero nalaman rin nila dahil ibinalita sa TV kanina ang tungkol doon. Siyempre, nag-alala sina Mama sa akin, pero hindi naman ako nagpahalata na takot ako. Ayaw na nga nila akong papasukin sa trabaho, pero hindi naman na siguro

mauulit ang hostage-taking na iyon lalo na at nakakulong ang lalaki—dinala muna siya sa ospital dahil sa mga tama ng baril niya 'tapos ay ikukulong siya dahil sa ginawa niya.

Tinanong rin ng mga pulis ang mga saksi sa pangyayari, pero lahat sila ay ayaw magsalita. Natapalan na sila ng pera at pagbabanta kaya wala talagang maasahan sa kanila. Nawala rin ang CCTV footage nang araw na iyon. Naisip ko na kung sinuman ang lalaking iyon ay sanay na sanay na siya sa mga ganoong pangyayari.

I sighed. Hindi sinasadyang napatingin na naman ako sa relo sa mesa ko. Napasigaw ako.

"Ahhhh! Shit!" Napatayo ako. Bigla namang bumukas ang pintuan. Lumiwanag ang silid ko at nakita si Papa na pumasok sa kwarto na may dalang baseball bat.

"Ano'ng nangyari? May magnanakaw ba? Anak!?"

"Pa! Eleven na! Hindi pa ako tulog! Putangina! Sira na ang schedule ko!" mangiyak-ngiyak na sabi ko. Papa looked at me. Ibinaba niya ang baseball bat at saka tumalikod habang iling nang iling.

"Matulog ka na! Baka sa 'yo ko ihambalos itong baseball bat ng kapatid mo! Biwisit!"

Puyat. Pagod. Inis. Iyon ang naramdaman ko kinabukasan nang magising ako. At ang pinakanakakainis, hindi ko naunahan ang alarm clock ko! Mas nauna pa siyang tumunog kaysa sa paggising ko. Inis na inis ako. Hindi naman ako ganito noon. Hindi na ako naligo. Nagpunas na lang ako, nagbihis 'tapos ay umalis. Hindi na ako nag-almusal at halos takbuhin ko na ang

sakayan makarating lang sa tamang oras sa hotel. Hindi yata talaga nakikiayon sa akin ang panahon dahil umulan pa at sobrang trapik. I looked at my watch—it's already nine in the morning! Sirang-sira na ang schedule ko!

Malas! Minamalas ako! Nasimulan kasi ang kamalasan ko kahapon kaya alam kong magtutuluy-tuloy iyon! Bumaba ako ng jeep. Wala na akong pakialam kahit na magmukha akong basang sisiw dahil tatakbuhin ko na ang distansya ng hotel at ng EDSA kahit na gaano pa kalayo iyon. Umakyat ako sa overpass at saka naglakad. Nasa ulo ko ang kamay ko para kahit paano ay may panangga ako sa ulan. Narating ko ang kabilang side at habang patawid ako ay nakarinig ako nang napakalakas na pagbusina—kasabay niyon ay pagbangga ng kung anong matigas sa binti ko. Napaupo ako. Nabundol ako ng kotseng kulay asul. Natulala ako.

What the hell is going on in my organized life?! Gusto kong umiyak. Ni wala ngang gustong tumulong sa akin. Lumalakas pa ang ulan. Hindi nga ako naligo, pinaliguan naman ako ng langit. Inis na inis ako. Galit ako ngayon. Malapit na akong maloka!

Bumaba ang kung sinumang may-ari ng kotse para sinuhin ako.

"Miss, ayos ka lang? Hindi ka kasi tumitingin sa dinadaanan mo!" sigaw niya sa akin. Nag-angat ako ng tingin at doon ko nakilala ang lalaking iyon. Siya ang lalaking bumaril sa mamang nang-hostage sa akin sa hotel kahapon. Agad akong napatayo—para lang mapangiwi ako sa sakit. Tiniis ko ang sakit.

"Hoy—Aww! Ang gago mo! Ikaw na ang nakasagasa sa akin! Mamamatay-tao ka kasi!" sigaw ko sa kanya. Pinaghahampas

ko ang dibdib niya. "Ang kapal ng mukha mo! Sinira mo ang schedule ko! Walanghiya ka!" Tuluy-tuloy lang ang pagsasalita at ang paghampas ko sa kanya. Hindi naman siya gumagalaw. Pero nagulat ako nang bigla niya akong hatakin palapit sa kanya. Ganoon na lang din naman ang panlalaki ng mga mata ko nang dumapo ang labi niya sa labi ko.

I froze on the spot. Parang tinamaan ako ng kidlat sa buong katawan at hindi ako makagalaw. Hindi ako makahinga. Alam kong kailangan ko siyang itulak, pero hindi ko magawa. Hinalikan niya ako.

Oh, shit! May first kiss na ako!

CHALLENGE #03

Leira

Itinulak ko ang lalaking iyon. Hindi ko alam kung saan ako nakakuha ng lakas para itulak siya palayo sa akin. Nakakapanginig ng laman ang ginawa niya. Ninakawan niya ako ng halik at hindi iyon katanggap-tanggap. Idedemanda ko siya ng panggagahasa! Ang kapal ng mukha niya! Akmang sasampalin ko siya nang itulak niya ako pahiga sa hood ng kotse niya. Inilapat niya sa akin ang kanyang katawan 'tapos ay inilapit sa akin ang kanyang mukha.

"Ano ba?!" sigaw ko. Muli niya akong hinalikan. This time, nagpumiglas ako at hindi na ako pumayag na magtagal ang labi niya sa labi ko. Hindi ko gusto ang pakiramdam. Para bang sinasakop niya ang kalayaan ko kaya hindi ako basta pumapayag!

"'Wag mo akong halikan! Hindi kita boyfriend!" sigaw ko sa kanya. Nginisihan lang ako ng walanghiya. Natigilan ako. Hindi ko alam ang gagawin ko. Bakit pakiramdan ko nawalan ng garter ang panty ko?

"Miss Leira Sarmiento."

Sinabi niya ang pangalan ko. Lalo akong kinilabutan. Hinatak niya ako at ipinasok sa kotse niya. Nagpupumiglas ako, pero hindi naman na ako makatakas dahil mabilis siyang nakapasok sa sasakyan at pinaandar iyon. Binalingan ko siya at pinaghahampas sa balikat. Saan na naman ako mapupunta ngayon? Tiningnan ko ang orasan ko at doon nakita ko na atrasado na talaga ako sa schedule

ko para sa araw na ito. Hindi ko maintindihan ang mga bagay-bagay ngayon. Ano ba'ng ginawa ko para masira nang ganito ang buhay ko? Sinisira ng lalaking ito ang organisado kong buhay at wala akong magawa! *I hate this!*

"Saan mo ako dadalhin?! Ibaba mo ako!"

"Nasa gitna tayo ng daan tapos ibaba kita?! Ano ka, magpapakamatay?" Tila ba yamot na yamot na siya sa akin. Lalo niyang diniinan ang pagtapak sa accelerator. Lalong bumilis ang pagmamaneho niya. Hindi ako lalo mapakali. Hindi ko kasi alam kung saan kami pupunta. My schedule was completely ruined! Naiiyak na ako. Napayakap ako sa sarili ko. Naisip ko na baka pagsamantalahan niya ako. Baka kuhanin niya ang virginity ko. Hindi ko kaya iyon. Mukha naman kasing hindi gagawa ng mabuti ang taong ito.

Nanlaki ang mga mata ko nang pumasok kami sa isang parking lot na konektado sa isang residential building. Napasinghap ako nang huminto ang kotse 'tapos ay bumaba siya. Umikot siya para kunin ako. Ayokong bumaba, pero hinatak niya ang kamay ko kaya napasama ako.

"Bitiwan mo ako!"

"Kapag hindi ka tumahimik hahalikan ulit kita!" singhal niya sa akin. Hindi na ako kumibo. Hinayaan kong dalhin niya ako sa kung saan. Kahit na kinakabahan ay ipinakita ko na hindi ako natatakot sa kanya. Lalaban ako kapag pinagsamantalahan niya ako.

Oh, putangina! Iyon ang paulit-ulit kong sinasabi sa isipan ko nang pumasok kami sa isa sa mga units sa loob ng building na iyon. Wala akong tatakbuhan dahil nasa twenty-third floor kami. Kapag tumakbo ako ay siguradong mamamatay ako. Ganoon na lamang

ang tibok ng puso ko.

Sumara ang pintuan. Napaigik ako. I found myself standing in front of his unit. Napalunok ako. Kailangan kong maging matapang. Binalingan ko siya at ganoon na lang ang panlalaki ng mga mata ko nang makita kong inaalis niya ang kanyang mga butones mula sa ohales ng kanyang damit. Parang slow motion niya pang ginagawa iyon.

Nang maialis niya ang lahat ng butones ay tinanggal niya sa katawan niya ang polo niya. Slow motion pa rin sa paningin ko ang ginagawa niya.

Napamura na naman ako. Namumutaktak sa muscles ang katawan niya. May tattoo siya sa braso na umaabot hanggang sa kanyang dibdib. Mukha yata ng babae ang tattoo niya. Hindi ko sigurado, pero parang ganoon.

Impit akong napasigaw nang makita kong lumalapit siya sa akin.

"Shit! 'Wag kang lalapit! Ayoko! Maawa ka sa virginity ko!"

Hindi pa rin siya tumigil sa paglakad. Palapit siya nang palapit at ako'y palayo nang palayo. Wala sa schedule ko ang magahasa ngayong araw na ito! Kunsabagay… wala naman talaga ang lahat ng bagay na ito sa schedule ko! Usually, maiinis ako dahil sa mga nangyayari, pero ngayon natatakot ako dahil pakiramdam ko ay mawawala na sa akin ang pinakaiingatan kong virginity! Ipinangako ko sa sarili ko na hindi basta makukuha ang virginity ko ng kung sinuman, pero kapag nakaharap na sa isang *Virginity Destroyer Level 57* ay hindi ko na maiisip na mainis. Gusto ko na lang umiyak!

"Lumayo ka sa akin! Ire-report kita sa pulis!"

He just grinned. Niyakap ko ang sarili ko at saka ako sumigaw nang napakalakas. Hindi ko na kaya. Takot na takot na ako! Sa kabila nang pagsigaw ko ay narinig ko naman ang pagtunog ng telepono niya. Napahinto siya sa paglakad at sinagot ang tawag na iyon. Napatitig ako sa hubad niyang katawan. Habang may kausap siya sa phone niya ay nakatitig din siya sa akin. Napansin ko ang magaganda niyang mga mata. His eyes were dreamy and mysterious. Nakakakaba ang mga mata niyang iyon. Hindi naman nagtagal ay nagbago ang ekspresyon ng mukha niya. Para bang galit na galit na siya. Ibinato niya ang phone niya. Nagulat ako. Isinuot niyang muli ang kanyang polo 'tapos ay hinatak na naman niya ako papunta sa kung saan. Sumakay kami sa kotse niya.

"Ibalik mo na ako sa amin! Hindi naman kami mayaman!" sigaw ko sa kanya. Binalingan niya ako pagkatapos ay binuksan niya ang glove compartment at mula doon ay nilabas ang duct tape. Pinagdikit niya ang mga palad ko 'tapos ay nilagyan din ng duck tape ang palapulsuhan ko.

Oh my god! Mamamatay na yata ako! Hindi pwede ito! Wala sa plano kong mamatay sa ngayon! At hindi talaga pwedeng twenty minutes lang ang allotted time sa surprise events!

Nag-drive na naman siya na para bang nakikipagkarera. Ang lakas ng kaba ko. Nakaupo ako doon at natagpuan ko na lang ang sarili kong umiiyak. Ayoko nang ganitong buhay! Ayoko nang magulo! Ayoko nito!

Simoun

"Azul, Artemis and the twins have been kidnapped. I need your help."

Iyon lang ang natandaan kong sinabi ni Narciso sa akin. Ang ibang detalye ay hindi na malinaw. Ang sabi niya ay kahapon pa nawawala ang mga bata at ginagawa na ng mga Consunji ang lahat para malaman kung saan dinala ang mga batang iyon, pero hanggang ngayon ay wala silang balita. I told Adan that the Consunjis were not doing their best. Dahil kung iyon nga ang ginagawa nila ay hindi mawawala ang mga batang iyon.

Pinuntahan ko si Ido sa hideout niya at sa kanya ako nanghingi ng tulong. Nai-text ko na rin si Axel John para i-review ang mga CCTV footages ng lahat ng daan sa area kung saan huling nakita ang mga bata.

Nahampas ko ang manibela—na ikinagulat ng babaeng kasama ko. Si Leira Sarmiento. Umiiyak na siya ngayon, pero hindi ako nagpaapekto. Sanay na akong iniiyakan ng mga babae. Hindi na iyon bago sa akin. Kung tahimik naman kasi siya ay hindi ko siya lalagyan ng duct tape sa bibig. Napakaingay naman kasi ng babaeng ito.

"If you kept quiet, eh di wala ka sana dito." Nakangisi ako. Inihinto ko sa tabi ng daan ang kotse at sakto naman na sumakay na si Ido. Nagulat pa siya nang makita na may kasama ako sa sasakyan.

"Dude, kidnap for ransom? Let me guess, daughter of a very rich businessman?"

"Nope. Just someone who pissed me off."

Nakita ko ang panlalaki ng mga mata ng babae. Nginisihan ko lang siya 'tapos ay ipinagpatuloy ko ang pakikipag-usap kay Ido. Sinabi ko sa kanya ang mga nangyayari. Tulad ng inaasahan ay hindi na naman niya sineryoso ang mga lumalabas sa bibig ko.

"Kailangan pa bang iligtas iyon? Susukuan ng kidnapper iyong bata. Ang daldal noong babae ninyo! Nakakapagod kausapin!" Pinanlakihan ko ng mga mata si Ido. He just grinned. Ido had always been the joker in the group. Wrong timing nga lang ang joke niya. Tulad ngayon.

Tumawag na si Axel John. Sinabi niya ang exact location ng mga kidnappers. Tinapakan ko ang accelerator. Kailangan makarating ako doon sa oras. Tinawagan ko na rin si Narciso para malaman niya ang lokasyon. Wala na akong pakialam kung magkita-kita kaming lahat doon. Iniisip ko ang mga bata. Iniisip ko si Apollo. I was only doing this for her and no one else. I hated her kids but because of her, I'd save them.

Narating namin ang isang abandonadong bahay sa taas ng burol. Bumaba kami ni Ido sa sasakyan. Ikinasa ko ang baril ko. Ganoon din ang ginawa ni Ido. I signaled him to go to the other side of the place. Nagtanguan kami. Bago pumasok si Ido sa loob ay binaril na niya ang dalawang bantay.

"Fuck that never gets old!" natatawang sabi niya. Napangisi ako. Tumingin ako sa kotse at nakita ko ang babaeng iyon na nanlalaki ang mga mata. I waved her goodbye 'tapos ay sinundan ko na rin si Ido. Hindi ko na siya kinalasan. Baka maisipan pa niyang tumakas. Mahirap na.

Nang makababa ako ay nakita kong nakabulagta na halos lahat ng mga bantay sa bahay. Si Ido talaga. Dahan-dahan akong naglakad papasok sa loob. Alerto at mahigpit ang hawak ko sa baril ko habang naglalakad.

I looked around. Nakarinig ako ng mga yabag sa likod ko. Humarap ako at itinutok ang baril ko. Nakita ko si Narciso.

"Whoah! Easy! The whole family is here," imporma niya sa akin.

"I don't care. Tara!"

Tumakbo na kami ni Narciso. Pagliko namin ay may nasalubong kaming dalawang armadong lalaki. Binaril ko pareho 'tapos ay tumakbo na muli kami. Ang laki ng bahay na ito, wala akong makitang bakas ng mga bata. Umakyat kami ni Narciso sa second floor. I searched all the rooms when I suddenly heard Narciso's voice.

"Sa likod!"

Agad kong tinanaw ang likod bahay at doon nakita ko ang getaway van. Sinipa ko ang bintana at doon ako tumalon pababa. Narciso jumped, too. Hinabol namin ang mga kalalakihan. Nagkabarilan na kami. I noticed that someone was shooting from behind. At first I thought it was Ido but when I looked back, I saw Hermes Consunji and he looked pretty mad.

Nakita kong tinakbo ni Adan ang van. Nakuha niya ang dalawang kambal na lalaki, pero wala ang anak ni Hermes.

"Putangina! Nasaan si Artie?" angil niya. Parehong lumibot ang mga mata namin. Bigla naming nakita ang isang lalaki na tangay-tangay ang natutulog na si Artie. Sinundan namin pareho ang lalaki at humarap naman ito sa amin.

"One wrong move, mamamatay ang bata. Ibaba ninyo ang baril ninyo!"

Napatingin ako kay Hermes. Itinaas niya ang kanang kamay niya saka ibinaba ang baril.

"Huwag mong sasaktan ang anak ko," tila ba nakikiusap na aniya. Napailing ako. He looked at me.

"Ibaba mo!" he hissed.

I shook my head. Itinutok ko ang baril sa lalaki at pinutok iyon. Tinamaan siya sa braso at sa binti dahilan para mabitiwan niya ang bata.

"Sorry, Consunji, but I don't work that way!" Ngumisi ako. Napanganga siya sa akin. Nag-iwas lang siya ng tingin nang umiyak ang batang babae.

"P-Papa! Papa pangit! Natatakot po ako!" Dinaluhan niya ang bata. Inilayo niya sa lalaking ngayon ay namimilipit sa sakit. I looked around. Nang wala akong makitang tao ay tinadyakan ko siya.

"Gago kang putangina ka!"

Iniwan ko siya at hinanap si Ido. Nakita kong nasa sasakyan na siya at naghihintay kasama ng babaeng ngayon ay umiiyak at namumutla na. Marahil ay narinig niya ang mga putukan ng baril at nasaksihan niya ang mga bagay na hindi niya kayang masikmura.

Inalis ko ang duct tape sa bibig niya.

"Mamamatay-tao kayo!" sigaw niya sa akin.

Nagsalita si Ido, may halong biro. "Ako. Oo. Si Azul, hindi masyado."

Lalong natakot ang babae sa amin. Pinapasok ko na muli siya sa sasakyan. Akmang aalis na rin ako nang biglang may humawak sa balikat ko at sinalubong ako ng suntok.

"You asshole! Paano kung napahamak ang anak ko! Paano kung nabaril mo siya! Wala kang isip! Sino ka ba?! Ni hindi ka namin kilala!"

It was Hermes Consunji. Nasa likod niya ang kapatid niyang si Ares. They looked like they were ready to fight me. I will fight

back. Hindi nila ako kaya. Sinuntok ko din si Hermes. Agad ding sumugod si Ares. Sinenyasan ko si Ido na wag lalapit.

"Bakit hindi ka na lang magpasalamat sa akin at nakasama mo ang anak mo, gago ka!" sigaw ko. "Kung hindi dahil sa akin hindi kayo magiging masaya!" Tumama ang kamao ko sa pisngi niya. Sumuntok din si Ares, pero nakigulo na rin si Ido at tinulungan ako.

"Tumigil kayo!" Isang boses ang nangibabaw sa lugar na iyon. Huminto ako at nakipagtitigan kay Lukas Consunji. Itinayo niya si Hermes at hinatak si Ares. Kasama niya ang anak niyang babae na akala ay kung sino makaasta.

"You're a nobody," angil ni Hermes.

"Tama na," saway ni Lukas.

"Why do you have my mom's pendant?!" Hera silenced us all. Napatingin ako sa damit ko. Bukas pala iyon at suot ko ang pendant na bigay sa akin ni Apollo. Kasama ng pendant na iyon ang singsing ni Olivia. Itinago ko ang pendant na iyon sa likod ng damit ko at saka tumalikod.

"Tinatanong kita!" sigaw pa ni Hera.

"Wala kang pakialam."

Then, I walked out.